

# *Ako'y Humanga*

*(I Stand All Amazed)*

Translated by Mark Tan Pacino

Ako'y humanga sa pag-ibig Niya sa akin  
'Di maunawaang lubos pag-ibig sa 'kin  
Ako'y naaba nang nalamang pinako Siya  
At sa aking kasalanan ay pinaslang Siya.

Chorus:

Oh, ako'y namangha buhay ibinigay alang-alang sa 'kin  
Oh, kamangha-mangha  
Para sa akin

Alto: Buhay inalay para sa akin

Tenor & Bass: Alay sa 'kin

Ako'y humangang bumaba Siya mula langit  
Upang iligtas sa kasalanang nabingit  
Na handa Siyang magmahal sa isang tulad ko  
Sapat na upang kupkupin ang katulad ko

(Repeat Chorus)

Alto & Tenor: Para sa 'kin

Aking iniisip kamay Niya na pinako't  
Pagmamahal Niya'ng maaari bang malimot?  
Hindi, 'pagkat papuri ko'y sa Kanya laan  
Hanggang magtagpo kami sa luklukang banal

Ako'y humanga sa pag-ibig Niya sa akin  
Tiyak sa pangako ng buhay para sa 'kin  
Kaya't mabubuhay akong pinupuri Siya  
Sambit ko ay salmo ng kabutihan Niya

Oh, ako'y namangha buhay ibinigay alang-alang sa 'kin  
Oh, kamangha-mangha

Alto: Buhay inalay para sa akin

Tenor & Bass: Alay sa 'kin

Sadyang nakakamangha

Alto & Tenor: sa 'kin

Bass: nakakamangha

Oh, kamangha-mangha  
Para sa akin.